# DV-500-INFO T Matutulungan ba Ako ng Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan?

## Ano ang "kautusan sa pagpigil ng karahasan sa tahanan"?

Isa itong kautusan ng korte na makatutulong na protektahan ang mga taong inabuso ng sinuman na may malalim na relasyon sa kanila, malapit na kamag-anak, o nakasama bilang higit pa sa roommates.

## Paano ako matutulungan ng kautusan sa pagpigil?

Maaaring utusan ng hukom ang pinipigilang tao na:

- Hindi ka kontakin, ang iyong mga anak o kamag-anak, o mga tao na naninirahan kasama mo;
- Lumayo sa iyo, sa iyong mga anak o kamag-anak, o mga tao na naninirahan kasama mo, sa iyong tahanan, sa iyong trabaho, atbp.;
- Hindi magkaroon ng armas (mga baril, kabilang ang mga "ghost gun"), mga parte ng armas, o ammunition;
- Umalis sa bahay na tinitirhan mo;
- Sundin ang mga kautusan sa kustodiya at pagbisita sa bata;
- Magbayad ng suporta sa bata;
- Magbayad ng suporta sa asawa;
- Magbayad ng utang sa ari-arian; at
- Bigyan ka ng kontrol sa ari-arian (mga halimbawa: cellphone, kotse, bahay).

## May gagastusin ba ako para isampa ang kahilingang ito?

Wala, libre ang pagsasampa ng kahilingang ito sa korte.

## Gaano kahaba maaaring tumagal ang kautusan sa pagpigil?

Kung gumawa ang hukom ng pansamantalang kautusan, tatagal ito hanggang sa petsa ng iyong pagdinig (petsa ng korte). Ang pagdinig mo ay karaniwang ginaganap tatlong linggo pagkatapos mong ibigay ang iyong mga papeles sa korte. Sa pagdinig mo, magpapasya ang hukom kung bibigyan ka ng pangmatagalang kautusan sa pagpigil na maaaring tumagal nang hanggang limang taon.

## Gaano kabilis ako makakakuha ng kautusan?

Kung magpasya kang humingi ng kautusan sa pagpigil, kakailanganin mong kumpletuhin ang mga papeles sa korte. Sa sandaling maibigay mo na ang iyong mga papeles sa korte, magpapasya ang hukom sa parehong araw o sa susunod na business day kung bibigyan ka ng pansamantalang utos sa pagpigil.

## Ano ang kailangang edad para makahingi nito?

Upang ikaw mismo ang makahingi ng kautusan sa pagpigil, dapat ikaw ay 12 taong gulang o higit pa. Sa ilang kaso, maaaring hilingin ng hukom na tulungan ka ng adult (sinumang 18 taong gulang o higit pa), tulad ng pinagkakatiwalaang kamag-anak, sa iyong kaso.

## Paano kung wala akong green card?

Makakakuha ka ng kautusan sa pagpigil kahit na hindi ka mamamayan ng U.S. Kung nag-aalala ka tungkol sa deportasyon, maari kang makipag-usap sa abogado para sa imigrasyon.

## Mapoprotektahan ba ng kautusan sa pagpigil ang mga anak ko?

Oo, maaari mong hilingin sa hukom na protektahan ang iyong mga anak. Kung humihingi ka ng kautusan sa pagpigil laban sa sinuman na may anak kayong dalawa, maaari mo ring hilingin sa hukom na gumawa ng mga kautusan sa kustodiya at pagbisita sa bata. At kung sa tingin mo, maaaring dukutin (kidnapin) ng isa pang magulang ang iyong mga anak, maaari kang humingi ng mga kautusan upang maiwasan ang pangingidnap.

## Maaari ba akong gumamit ng kautusan sa pagpigil para makipagdiborsyo o magwakas ng rehistradong domestic partnership?

Hindi. Hindi mawawakasan ng mga form na ito ang iyong kasal o rehistradong domestic partnership. Dapat kang magsampa ng iba pang mga form upang tapusin ang iyong kasal o rehistradong domestic partnership.

## Kuwalipikado ba ako?

Upang maging kuwalipikado para sa kautusan sa pagpigil ng karahasan sa tahanan, dapat mayroon kang (1) kinakailangang ugnayan at (2) maipakita na naging mapang-abuso ang tao na gusto mong sampahan ng kautusan sa pagpigil.

**Kinakailangang ugnayan**

- Iyong asawa, dating asawa, rehistradong domestic partner, o dating rehistradong domestic partner;
- Sinuman na may anak kayong dalawa;
- Iyong magulang, anak, kapatid, o lolo/lola (kabilang ang mga in-law at step relationship);
- Sinumang kasama mo sa tirahan o dating kasama sa tirahan (na higit pa sa ka-kuwarto);

**Pang-aabuso**

Ang pang-aabuso ay maaaring pasalita, pasulat, o pisikal. Maaari itong maging pisikal, sekswal, o emosyonal. Kabilang dito ang mga banta na sasaktan ka o ang iyong pamilya, paniniktik, pangha-harass, paninira ng personal na ari-arian, paulit-ulit na pangongontak, at panggugulo ng kapayapaan.

Ano ang ibig sabihin ng panggugulo ng kapayapaan?

Nangangahulugan ito na paggambala sa pagiging kalmado ng isip at emosyon ng sinuman. Kabilang din sa panggugulo ng kapayapaan ang sapilitang pagkontrol. Nangangahulugan ang sapilitang pagkontrol ng ilang mga kilos na naglilimita sa malayang kalooban at mga indibidwal na karapatan ng sinumang tao nang walang katwiran. Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Pagbubukod sa sinuman mula sa kaniyang mga kaibigan, kamag-anak, o iba pang suporta;
- Paglalayo sa kaniya mula sa pagkain o mga pangunahing pangangailangan;
- Pagkontrol o pagsubaybay sa kaniya, kabilang ang kaniyang mga galaw, kinokontak, aksyon, pera, o access sa mga serbisyo;
- Mga pagbabanta sa status ng imigrasyon;
- Pamimilit sa kaniyang gumawa ng anumang ayaw niyang gawin; at
- Pagkontrol o pangingialam sa contraception ng sinuman (birth control, mga condom); pagbubuntis o kakayahang maging magulang; o access sa impormasyong pangkalusugan.

## Paano kung hindi ako kuwalipikado para sa kautusan sa pagpigil ng karahasan sa tahanan?

May iba pang mga uri ng kautusan sa pagpigil na maaari mong hilingin. Narito ang ilang mga halimbawa:

- Kautusan sa civil harassment (maaaring gamitin para sa mga kapitbahay, roommates, pinsan, tito, at tita).
- Kautusan sa pagpigil ng pang-aabuso sa dependent na adult o matanda (kung hindi ka bababa sa edad na 65 o isang dependent na adult).
- Kautusan sa pagpigil ng karahasan sa baril (para mapigilan ang sinuman na masaktan ang kaniyang sarili o iba pa gamit ang baril).

Tandaan na may kasamang paghihigpit sa mga baril at bala ang lahat ng kautusan sa pagpigil. Ang kautusan sa pagpigil ng karahasan sa baril ay nagbibigay ng limitadong proteksyon dahil pinipigilan lang nito ang tao na magkaroon ng baril at bala. Para matuto pa tungkol sa mga ibang uri ng kautusan sa pagpigil, pumunta sa: *https://selfhelp.courts.ca.gov/restraining-orders*.

## Paano ako hihingi ng kautusan sa pagpigil ng karahasan sa tahanan?

Tingnan ang form DV-505-INFO, *Paano Humiling ng Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan*. Available ang mga form online sa *www.courts.ca.gov/forms*. Kung gusto mo ng kopyang papel, pumunta sa alinmang gusaling panghukuman sa California. Maaari ka ring sumangguni sa aklatan para sa batas ng iyong county.

## Magkakaroon ba ako ng pagdinig sa korte (petsa ng korte)?

Oo. Bibigyan ka ng korte ng araw at oras ng pagdalo sa korte. Kung gusto mong dumalo sa korte nang malayuan (sa pamamagitan ng phone o videoconference), pumunta sa website ng korte upang malaman kung paano dumalo nang malayuan. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa kung ano ang aasahan sa pagdinig mo, basahin ang form DV-520-INFO, *Paghahanda para sa Iyong Pagdinig sa Korte para sa Kautusan sa Pagpigil,* o pumunta sa: *https://selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/prepare-court-date*.

# DV-500-INFO T Matutulungan ba Ako ng Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan?

## Kailangan ko ba ng abogado para magawa ang kahilingang ito?

Hindi, ngunit maaaring mahirap gawin nang mag-isa ang ganitong uri ng kahilingan. Maaaring may libreng tulong sa self-help center ng iyong lokal na korte. (Tingnan ang ibaba.)

## Saan ako makakahanap ng self-help center?

Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na korte sa *www.selfhelp.courts.ca.gov/find*. Hindi kikilos ang mga kawani ng self-help center bilang abogado mo ngunit maaari silang makapagbigay sa iyo ng impormasyon upang matulungan kang magpasya kung ano ang gagawin sa iyong kaso, at tulungan ka sa mga form.

## Paano kung kailangan ko ng interpreter?

Kung magpapasya kang humingi ng kautusan sa pagpigil, kakailanganin mong makipag-usap sa hukom. Kung kailangan mo ng interpreter, gamitin ang form INT-300 upang humiling ng interpreter o magtanong sa clerk ng korte kung paano ka makakahiling nito.

## May kapansanan ako. Paano ako makakakuha ng tulong?

Maaari mong gamitin ang form MC-410 para humiling ng tulong. Kontakin ang coordinator ng disability o ADA sa iyong lokal na korte para sa karagdagang impormasyon.

## Kahilingan para sa mga Akomodasyon

Available ang mga assistive listening system, computer-assisted real-time captioning o mga serbisyo ng interpreter ng sign language kung hihiling ka sa hindi bababa ng limang araw bago ang pagdinig. Kontakin ang opisina ng klerk o pumunta sa *www.courts.ca.gov/forms.htm* para sa *Kahilingan para sa Akomodasyon ng Kapansanan* (form MC-410). (Seksyon ng Kodigo Sibil na 54.8.)

## Programa ng Kumpidensyal na Address

Kung biktima ka ng karahasan sa tahanan o naninirahan kasama ng biktima ng karahasan sa tahanan, may espesyal na programang tinatawag na Safe At Home na maaari mong applyan. Libreng programa ito na makatutulong na panatilihing pribado ang address mo. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa programa, pumunta sa: *https://www.sos.ca.gov/registries/safe-home/*. Tandaan na maaari itong tumagal nang ilang linggo bago maaprubahan.

## Para sa higit pang impormasyon sa iba pang mga hakbang ng proseso

- Form DV-505-INFO, *Paano Humiling ng Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan*
- Form DV-200-INFO, *Ano ang "Pruweba ng Personal na Pag-aabot"?*
- Form DV-520-INFO, *Paghahanda Para sa Iyong Pagdinig ng Korte para sa Kautusan sa Pagpigil*
- Form DV-530-INFO, *Paano Ipatupad ang Iyong Kautusan sa Pagpigil*

## Available din online ang impormasyon tungkol sa proseso ng korte

*https://selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/process*.

## Saan pa ako makakahanap ng tulong?

Ang National Domestic Violence Hotline ay nagbibigay ng libre at mga pribadong tip para sa kaligtasan. Available ang tulong araw-araw, 24 oras, at sa mahigit 100 na mga wika. Bisitahin online sa *www.thehotline.org* o
tumawag sa 1-800-799-7233; 1-800-787-3224 (TTY).



Para lang sa Ingles na bersyong masasagutan online:
Para sa iyong proteksyon at pagkapribado, mangyaring pindutin ang button na "I-clear ang Form na ito" pagkatapos ma-print ang form.

I-print ang form na ito | I-save ang form na ito

Para lang sa Ingles na bersyong masasagutan online:
I-clear ang form na ito